# Pagkapribado (2023)

**Na-update noong Hunyo 9, 2023**

Pinahahalagahan ng ShareThis ang pagkapribado.  Itinatakda ng Abiso sa Pagkapribado na ito kung ano ang datos na kinokolekta namin, paano namin ito kinokolekta, bakit namin ito pinoproseso, at kung personal na datos ang kinolekta namin, ang iyong mga karapatan sa naturang personal na datos. Maaaring baguhin pana-panahon ng ShareThis ang Abiso na ito sa pamamagitan ng pag-update sa page ito. Dapat mong i-check ang page na ito sa pana-panahon para matiyak na nakakaalinsabay ka sa anumang pagbabago.

Nakatuon ang ShareThis sa pagproseso ng impormasyon alinsunod sa nalalapat na mga batas (kasama, kung naaangkop, ang General Data Protection Regulation o "**GDPR**") at ang California Consumer Privacy Act ("CCPA") at ayon sa inilalarawan sa Abiso sa Pagkapribado na ito. Para sa partikular na impormasyon kung paano sinusunod ng ShareThis ang batas ng proteksyon sa datos ng European, UK at Brazil at ang iyong mga karapatan bilang paksa ng datos ng EEA, UK, Swiss o Brazil, paki-click **dito.** Para sa impormasyon kung paano sinusunod ng ShareThis ang naaangkop na mga batas sa Pagkapribado ng U.S. sa mga Estadong tulad ng California, Colorado, Connecticut, Nevada, Virginia, at Utah, paki-click **dito.**

Para ma-access ang impormasyon para sa mga Publisher, pakibisita ang page ng Impormasyon sa Publisher **dito.**

Para ma-access ang mga Tuntunin sa Paggamit ng Publisher paki-click ang **dito**.

Huling Na-update noong: Hunyo 9, 2023

**Pag-opt Out sa Pagkolekta at Pagbabahagi ng Datos**

**Tungkol sa ShareThis at sa mga Tool nito**

Ibinibigay ng ShareThis sa mga nagpapatakbo ng website ("Publisher") ang mga social sharing tool na puwedeng i-customize, na nagpapasimple sa pagbabahagi ng online content. Ang sinumang gumagamit ng website ay madaling makakapagbahagi ng anuman sa web sa kanilang mga kaibigan sa mga social site, gaya ng Facebook, Twitter, Email, Digg, Reddit at marami pang iba, gamit ang isa sa mga tool namin sa website na iyon (“**ShareThis Icon**”).

Kinokolekta din ng ShareThis ang mga makasagisag na datos tungkol sa mga user ng internet at kung paano sila nakikipag-ugnayan sa content, mga website, at advertisement habang naka-online. Kinokolekta ang ilan sa datos gamit ang aming mga tool gaya ng **ShareThis Icon**, at kinokolekta naman ang iba gamit ang mga third party na provider ng datos. Inaayos nami ang datos na ito at ibinibigay sa aming mga Publisher at pinapahintulutan ang mga advertiser, ahensya, at iba pang negosyo (aming mga “Customer”) na gamitin ito upang mapabilis ang pagpapadala ng naaangkop, nakatuon na advertising at para sa iba pang dahilan na nakalista sa ibaba.

Ginagawa namin ito gamit ang teknolohiyang gaya ng cookies at pixels (kasama ang pixels at cookies ng aming mga customer) (“**ShareThis Publisher Applications**”) upang makakuha ng impormasyon tungkol sa pagba-browse at pagbabahagi ng mga user ng Internet, sa mga website na mayroong ShareThis Icon at sa katulad na mga tool na naka-install sa mga ito. Tumatanggap din kami ng datos mula sa iba pang nagpapatakbo sa mga industriya ng data analytics at advertising. Sinusuri at tinitipon namin ang datos na kinolekta namin para gumawa ng mga grupo ng datos (tinatawag na mga audience segment) batay sa tinukoy na salik.  Halimbawa, ginugrupo namin ang mga gumagamit ng internet na sa palagay namin ay may parehong mga katangian, interes, pangangailangan o paggawi. Kung mahihinuha namin na ang dalawa o higit pang browser o device ay sa iisang user o sambahayan, maaari naming gamitin ang impormasyong iyon para palakasin ang mga audience segment namin. Pinagsasama-sama namin ang datos na ito upang makapagbigay ng analytics sa aming mga Publisher at pahintulutan ang aming mga Customers na gamitin ito para sa ilang layunin ayon sa inilarawan sa ibaba, kabilang ang nakatuon na advertising.

Layunin ng naka-target na advertising ang pagpapakita ng advertising na mas malamang na makapukaw ng interes ng mga gumagamit ng internet, batay sa mga pagsusuri ng kanilang kamakailang mga aktibidad sa pag-browse at pagbabahagi at mga interaksyon sa website at mga advertisement. Kung

minsan, tinutukoy din ito bilang advetising na nakabatay sa interes o advertising na nakabatay sa online na paggawi. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa ganitong uri ng advertising, mag-click dito.

Nilalaman


I. Pagkolekta at Paggamit sa Datos

II. Ang GDPR at ang Iyong mga Karapatan bilang Paksa ng Datos sa EU o UK

III. Ang LGPD at ang Iyong mga Karapatan bilang Paksa ng Datos sa Brazil

IV. Ang mga Batas sa Pagkapribado ng Estado ng U.S. at ang Iyong mga Karapatan bilang Paksa ng Datos

V. Pagbabahagi o Pagsisiwalat ng Datos, Mga Tumatanggap ng Iyong Datos

VI. Mga Pangako sa mga Pamantayan sa Pagkapribado

VII. Mga Pagpili at Karapatan ng User sa Pag-opt out


## I. **Pagkolekta at Paggamit sa Datos**

Upang maialok ang aming mga produkto at serbisyo, kinokolekta namin ang datos na nauugnay sa mga website na binibisita mo para maipakita ang personalized na mga advertisement, magbigay ng analytics, at pagmomodelo ng datos batay sa social sharing, sa pamamagitan namin o ng mga third party. Makasagisag ang personal na datos na ito sa paraang hindi ito maaaring direktang gamitin ng ShareThis para kilalanin ang aktuwal na tao. Ang datos na ito ay nagbibigay-daan sa sistema namin para makilala ang iyong computer, device at/o browser sa paglipas ng panahon. Sa maraming lugar, itinuturing na personal na datos at/o personal na impormasyon ang makasagisag na datos na ito sa ilalim ng naaangkop na batas.

Hindi kami sadyang nangongolekta ng impormasyong magpapakilala sa iyo gaya ng iyong pangalan, address na pinagpapadalhan ng sulat, numero ng telepono, email address, impormasyon ng credit card, o anumang iba pa na puwedeng magbigay-daan sa amin o sa mga customer namin na direktang

makipag-ugnayan sa iyo bilang bahagi ng aming mga produkto at serbisyo. Maaari naming kolektahin ang impormasyong magpapakilala sa iyo at kahit ang iyong pinansyal na impormasyo gaya ng mga detalye sa pagbabayad o sa bangko kung isa ka sa aming mga Publisher o kung mayroon kang relasyon sa negosyo sa ShareThis.

Itinakda namin sa ibaba ang sumusunod na mga kategorya ng datos na pinoproseso namin at kung bakit namin pinoproseso ang bawat kategorya ng datos.

1. **Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile**

**1.1 Datos ng Paggamit**

Kinokolekta namin ang impormasyon tungkol sa kung paano nagba-browse sa internet ang *mga gumagamit ng internet* at kung paano ang kanilang interaksyon sa online content at mga advertisement sa pamamagitan ng aming ShareThis Icon, ang ShareThis Publisher Applications at interaksyon ng mga user sa mga advertisement sa internet. Tinatawag namin itong "Datos ng Paggamit".

Kasama sa Datos ng Paggamit na ito ang:

- Natatanging mga ID ng (mga) cookie na inilalagay sa iyong web browser (halimbawa: 37d387ca-f68a-11e5-b87d-0e58954c72b1) at/o hashed na bersyon ng isang email address na tumutulong sa amin na makilala ang iyong browser o device sa paglipas ng panahon.
- Impormasyon tungkol sa browser at device ng user
- User agent string
- Mga webpage na tiningnan (kasama ang mga URL address ng mga naturang page at parametro sa paghahanap, na maaaring kinabibilangan ng mga termino sa paghahanap at mga susing salita) at ang nakaraang web page na nag-refer sa user sa webpage na iyon
- Oras kung kailan tiningnan ang mga webpage

- Mga search query na nagdirekta sa user patungo sa isang webpage
- Nabigasyon sa bawat page
- Oras na ginugol sa bawat page
- Mga interaksyon sa webpage, kasama ang mga item na na-click o pinili at content na na-highlight o kinopya
- Mga ad na tiningnan o ipinakita sa user at ang interaksyon ng user sa mga ad na iyon
- Mga pagbabahagi ng content kasama na kung anong content ang na-share at kung saan – halimbawa, ang nauugnay na social media site (hal. Twitter, Facebook)
- Heograpikong impormasyon gaya ng bansa, lungsod, estado o postal code.
- Mga IP address
- Mga ID ng Device

Kahit na ang nabanggit na Datos ng Paggamit ay hindi ginagamit ng ShareThis para direktang kilalanin ang aktuwal na tao, itinuturing itong personal na datos sa maraming lugar.

### 1.2 Impormasyon ng Profile

Tumatanggap kami ng impormasyon tungkol sa content ng mga website na binibisita mo at impormasyon tungkol sa tumitingin o gumagamit ng mga website na iyon para mabigyang-daan kami na maghinuha at makagawa ng mga grupo ng mga user na may parehong mga katangian, interes o paggawi. Isinasama namin ang Datos ng Paggamit sa datos na natanggap namin mula sa mga third party advertiser, analytics vendor at data partner para gumawa ng mga kategorya ng datos na makakatulong sa mga advertiser na gustong maghatid ng karanasan sa advertising na mas personalized. Halimbawa, kung regular na tumitingin o nagbabahagi ang isang user ng content tungkol sa pamimili ng sasakyan, puwedeng maghinuha ang aming mga sistema na maaaring interesadong bumili ng sasakyan ang user na ito.  Kung minsan, tinutukoy ang sistemang ito bilang advertising na nakabatay sa interes, at kung minsan, ang bahagi o segment na may pamagat na "interesado sa sasakyan" ay tinutukoy na audience segment o "profile." Kapag grinupo namin ang datos na ito sa mga profile, tinutukoy namin ito bilang **“Impormasyon ng Profile”.**

Puwede naming mahinuha ang Impormasyon ng Profile na ito (sa pagsangguni sa mga tagatukoy ng browser, at hindi ang aktuwal na mga pangalan) gamit ang impormasyong nakuha namin mula sa mga third party tungkol sa malamang na content at mga katangian ng mga user at audience ng website na binibisita. Halimbawa, maaaring interesado sa mga sasakyan ang mga bisita sa isang partikular na website habang nasa loob naman ng partikular na saklaw sa edad o kita ang mga bisita sa ibang website. Kung mahihinuha namin na ang dalawa o higit pang browser o device ay sa iisang user o sambahayan, maaari naming gamitin ang impormasyong iyon para palakasin ang aming Impormasyon ng Profile.

Ang mga katangian kung aling grupo ng user ang may koneksyon sa mga saklaw ng edad, saklaw ng kitam edukasyon, kasarian, produkto o mga interes sa aktibidad at komposisyon ng pamilya (hal., kung gaano karaming anak sa pamilya), batay sa available na impormasyon tungkol sa karaniwang audience ng mga website na binibista nila at sa content na tinitingnan nila.

Sa ilang pagkakataon kung saan ginagamit ng mga Publisher na nakakatrabaho namin ang “Google Analytics By ShareThis WordPress” plug-in sa kanilang mga website, ginagamit ng ShareThis ang tampok ng Google Analytics na kasalukuyang kilala bilang Google Analytics Demographics, upang mas maunawaan ang mga demograpiko ng audience ng mga website ng Publisher na iyon, at para magbigay ng kaunawaan tungkol sa mga demograpikong iyon sa mga Publisher na nagmamay-ari o nagpapatakbo ng mga website na iyon. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga gawain sa pagkapribado ng Google Analytics, paki-click ang dito. Para mag-opt-out sa Google Analytics sa pamamagitan ng pag-i-install ng Google Analytics Opt-out Browser Add-on, paki-click ang dito, o maaari mo ring bisitahin ang consumer choice page ng NAI.

Sa U.S., bumubuo ang ShareThis ng mga nakamodelong segment batay sa mga demograpikong katangian kung saan nakahanay sa audience ng mga produktong ibinibenta ng mga kumpanya ng pharmaceutical na gamot ang naturang mga katangian.

Kung gusto mong makita ang listahan ng mga uri ng Impormasyon ng Profile na ginagamit ng ShareThis, kasama ang anumang Impormasyon ng Profile na tungkol sa kalusugan o politika (U.S. lang), mag-click lang dito. Hindi gumagawa ng Impormasyon ng Profile ang ShareThis does batay sa mga paksang

pinaniniwalaan naming sensitibo sa ilalim ng naaangkop na batas, o batay sa mga pagbisita sa mga website ng pang-adultong entertainment.

### 1.3 Kung paano namin kinukuha ang Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile

Kinokolekta namin ang Datos ng Paggamit kapag binibisita ng iyong device ang aming website, ginagamit o nakikipag-ugnayan sa aming mga serbisyo (kasama ang pagbabahagi ng content gamit ang ShareThis Icon), kapag binibisita ng iyong device ang mga website ng mga Publisher na gumagamit ng ShareThis Publisher Applications, at kapag tinitingnan o nagki-click ang iyong device sa mga advertisement na ipinapakita namin o ipinapakita sa ngalan namin. Ginagamit namin ito gamit ang cookies na nasa iyong browser (hangga't hindi ipinagbabawal ng browser ang cookies), mga pixel tag, at HTTP header (o iba pang protokol ng komunikasyon) at ang paggamit sa naka-hash na email address. Maaari din kaming gumamit ng mga probabilistic ID na ginagawa sa pamamagitan ng user agent string at IP address kapag pinagbabawalan ng browser ang cookies.

*Ang paggamit namin sa mga Cookie at iba pang Teknolohiya sa Pagsubaybay*

**Web Environment:** (mga browser sa desktop, tablet, at smartphone)

Inilalagay ng ShareThis cookies na naglalaman ng isang UID sa mga browser ng mga bisita sa mga website na gumagamit ng ShareThis Publisher Applications. Maaari ding i-enable ng ShareThis Publisher Applications na mailagay ng mga partner ng ShareThis partners at aming mga Customer ang cookies upang ma-enable ang pagsi-synchronize sa mga natatanging identifier sa pagitan ng ShareThis at aming mga third-party na partner at Customer.

**Mga Cookie:** Maliliit na text file na naglalaman ng magkakadugtong na karakter at natatanging kinikilala ang isang browser. Maraming browser ang paunang naka-set up para tanggapin ang mga cookie. Gayunman, puwede mong baguhin ang mga setting ng iyong browser para tanggihan o kaya naman ay paghigpitan ang mga cookie. I-check ang mga file ng "Tulong" ng iyong browser para malaman ang higit pa tungkol sa pangangasiwa ng mga cookie sa iyong browser.

Nasa ibaba ang paglalarawan sa cookies na inilagay ng ShareThis.

| **Cookie** | **Tagal** | **Layunin** |
|---|---|---|
| _stid | 1 taon | ShareThis cookie ID. |
| _stidv | 10 taon | Bersyon ng ShareThis cookie ID. |
| wordpress_test_cookie | Sesyon | ShareThis cookie, mga pagsubok kung may access kami sa mga cookie. |
| pubconsent | 13 buwan | ShareThis cookie na naka-set para ipahiwatig na gumawa ng deklarasyon ang user tungkol sa koleksyon ng datos ng GDPR para sa IAB TCF v1 format. |
| st_optout | 10 taon | ShareThis cookie na naka-set para ipahiwatig na nag-opt out ang user mula sa pagkolekta ng datos. |
| _ga | 2 taon | Google Analytics cookie na ginagamit ng ShareThis para makilala ang mga user. |
| _gat | 1 araw | Google Analytics cookie na ginagamit ng ShareThis para makilala ang mga user. |

| | | |
|---|---|---|
| _gid | 1 araw | Google Analytics cookie na ginagamit ng ShareThis para makilala ang mga user. |
| visopt_s | 3 buwan | VWO cookie para makita kung ilang beses isinara at muling binuksan ang browser. |
| _vis_opt_test_cookie | Sesyon | VWO session cookie para makita kung ang mga cookie ay gumagana sa browser ng user o hindi. Tumutulong sa pagsubaybay ng bilang ng mga sesyon ng browser ng isang bisita. |
| _vwo_uuid_v2 | 1 taon | Kinakalkula ng mga VWO cookie ang natatanging trapiko sa isang website. |
| intercom-id-fe2c9dmj | 10 buwan | Intercom: Anonymous visitor identifier cookie para sa mga bumibisita sa site. |
| intercom-session-fe2c9dmj | 7 buwan | Intercom: Identifier para sa bawat natatanging sesyon ng browser. Inire-refresh ang cookie ng sesyon sa bawat matagumpay na logged-in ping, at pinapalawig ito nang 1 linggo mula sa |

| | | |
|---|---|---|
| | | sandaling iyon. Puwedeng i-access ng user ang kanilang mga usapan at ipakipag-ugnayan sa kanila ang datos sa naka-log out na mga page sa loob ng 1 linggo, hangga't hindi sadyang tinapos ang sesyon gamit ang 'Intercom ('shutdown'), na karaniwang nangyayari sa pag-logout. |
| pxcelBcnLcy | Mga Sesyon | ShareThis Tag Management System cookie para subaybayan ang latency sa reporting beacon. |
| pxcelAcc3PC | 1 araw | ShareThis Tag Management System cookie para i-check kung tinanggap ng browser ang mga third party cookie. Isine-set lang ito kung walang paparating na cookie sa kahilingan. |
| pxcelPage_c010 at/o pxcelPage_c010_B at/o pxcelPage_c010_C at/o pxcelPage_c010_D | 1 taon | ShareThis Tag Management System cookie para subaybayan ang status ng naglo-load na pixel rotation. Gumagamit ang ShareThis ng iba't ibang cookie para sa iba't |

| | | |
|---|---|---|
| | | ibang grupo ng mga site sa loob ng network ng ShareThis. |
| usprivacy | n/a | Binabasa ng ShareThis kung ang usprivacy cookie ay nasa domain ng publisher. |
| fpestid | 13 buwan | Ang Fpestid ay isang ShareThis cookie ID na naka-set sa domain ng nagpapatakbo ng website. |

**Mga pixel tag:** Ito ay maliliit na bloke ng code sa isang webpage na nagbabasa at naglalagay ng mga cookie. Kapag binisita mo ang isang webpage, titingnan ng ShareThis kung may naka-install na ShareThis cookie sa iyong browser. Kung wala, maglalagay ng cookie ang pixel. Kung mayroon nang ShareThis cookie ang browser, "babasahin" ng pixel ang cookie at magpapadala sa amin ng impormasyong gaya ng sa panahong tiningnan mo ang isang webpage, ang uri ng browser na ginamit ang ang iyong IP address. Ganito namin nalalaman ang tungkol sa iyong mga interes at nabibigyang-daan ang mga customer namin para maghatid ng naka-target na advertising sa iyo.

**Mga HTTP header:** Ipinapadala ang mga ito sa tuwing tinitingnan ang isang webpage, at naglalaman ng teknikal na impormasyon na kailangan para ikonekta ang iyong browser sa webpage. Maaaring kasama sa impormasyong ito ang impormasyon tungkol sa browser at ang hiniling na webpage. Kinokolekta ng ShareThis ang impormasyong ito.

**Hashed na mga email:** Isang cryptographic function ang pag-hash ng email. Ang pag-hash o hashing ay isang paraan ng pag-encrypt sa piraso ng datos, gaya ng email address, sa hexadecimal string. Sa paggawa nito, ang bawat email address ay nagiging halo-halong numero at letra na hindi makilala. Hindi kami pinapahintulutan ng pamamaraang ito na padalhan ka ng mensahe sa email o kilalanin kung sino ka. Gayunman, pinapahintulutan kami nito na makilala ang iyong browser o device sa katulad na paraan kung paanong

tinutulungan kami ng mga cookie na makilala ang iyong browser o device. Maaaring kunin ng ShareThis ang hashed na mga email mula sa aming mga advertising partner para tulungan kaming ibigay ang mga produkto at serbisyo namin. Maaari rin kaming tumanggap at mag-hash ng mga email na ibinibigay mo sa mga Publisher namin. Para sa higit pang impormasyon, at para mas maunawaan ang iyong mga pagpipilian, pakibisita ang https://thenai.org/opt-out/ama-opt-out/.

**Mobile environment:** (Mga mobile application)

Para maihatid ang mga ad sa mga mobile application, ang mga tagatukoy ay maaaring gamitin, gaya ng Google Advertising ID o Apple IDFA, depende sa operating system ng iyong mobile device. Hindi ka direktang kikilalanin ng advertiser identifier, pero makakatulong ito para makilala ng mga advertiser at ng mga patner nito sa teknolohiya ang iyong mobile device sa paglipas ng panahon. Marami sa mga mobile operating system na nagbibigay ng mga advertising ID na ito ay ibinibigay din ang function na i-reset ang mga ito at/o i-rekord ang iyong piniling mag-opt out. Tingnan ang manufacturer ng iyong device para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang NAI Mobile opt-out page sa https://www.networkadvertising.org/mobile-choice/.

**Nauugnay na mga TV Environment:** (Mga mobile application)

Maaaring gamitin ang mga makasagisag na advertising identifier upang makapaghandog ng mga ad sa mga TV streaming device at smart TV. Hindi ka direktang kikilalanin ng advertiser identifier, pero makakatulong ito para makilala ng mga advertiser at ng mga patner nito sa teknolohiya ang iyong smart TV at/o streaming device sa paglipas ng panahon. Marami sa mga streaming device at smart TV na nagbibigay ng mga advertising ID na ito ay ibinibigay din ang function na i-reset ang mga ito at/o i-rekord ang iyong piniling mag-opt out. Tingnan ang manufacturer ng iyong device para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang NAI SmartTV opt-out page sa https://thenai.org/opt-out/connected-tv-choices/.

**Pag-uugnay ng mga Kapaligiran:** (mga browser at mobile app na ginagamit)

Para maibigay sa iyo ang mga personalized na advertisement at mailaan ang kalugod-lugod na karanasan online, maaaring iugnay ng mga third party data partner na kasama namin sa trabaho ang iyong mga tagatukoy sa iba't ibang

kapaligiran na ginagamit mo. Maaari naming paganahin ang pag-uugnay ng aming Datos ng Paggamit sa pamamagitan ng pag-sync ng cookie. Hindi kami gumagamit ng impormasyon na may karaniwang mga letra na maaaring gamitin ng ShareThis para kilalanin ka gaya ng iyong pangalan o address para isagawa ang pag-uugnay. Maaaring gumamit ng gayunding paraan sa pag-uugnay ang aming mga data partner sa pamamagitan ng paggamit ng makasagisag na datos na kinolekta gamit ang aming teknolohiya gaya ng mga tagatukoy ng advertising partner.

**Mga Probabilistic ID**: Maaaring i-block o kung hindi ay paghigpitan ang aming kakayahang maglagay ng cookies sa domain ng ShareThis. Kapag nangyari ito, maaaring gamitin ng ShareThis ang pinagsamang user agent at IP address upang matulungan kaming makilala ang isang browser o device sa paglipas ng panahon.

Puwede mong pangasiwaan ang mga cookie, baguhin ang mga pahintulot o mag-opt out sa personalized ads gamit ang mga mekanismong inilarawan sa ‘Mga Pinipili ng User’.

**1.4 Kung paano namin ginagamit ang Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile**

Panloob naming ginagamit ang Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile Information para sa mga sumusunod na layunin ng negosyo:

- Upang paganahin ang aming mga tool;
- Ayon sa aming relasyon sa Google Analytics Demographics, upang i-enable ang mga feature ng demographic reporting na ibinibigay namin sa aming mga Publisher;
- Upang i-link ang mga browser at device na sa tingin namin ay maaaring kabilang sa parehong sambahayan;
- Upang mai-sync namin ang mga natatanging identifier;
- Upang mapangasiwaan ng ST ang seguridad ng aming Website, tool, network, at sistema.
- Upang sumunod sa mga naaangkop na batas.

Maaari din naming gamitin ang Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile at/o mga audience segment at pahintulutan ang aming mga Customer na gamitin ang naturang impormasyon para sa mga sumusunod na layunin ng

negosyo kasama ang (kung saan hindi ipinagbabawal sa ilalim ng naaangkop na batas):

- Upang maihatid ang nakatuon advertising
- Upang magsagawa ng market research at analytics para makahanap ng makabuluhang mga pattern ng datos upang makakuha ang ShareThis ng mga insight kung paano karaniwang kumikilos ang mga User ng web. Maaaring partikular itong maa-apply ng mga kumpanyang naglalayong mas maunawaan ang mga katangian ng kanilang target na customer. Makakatulong din ito na limitahan ang mga pondo sa pagtatangka sa pag-unawa sa mga trend ng macro investment.
- Para sa pagmomodelo ng datos upang makagawa ng mga hinuha. Halibawa, upang makagawa ng magkakatulad na mga modelo ng audience.
- Upang gumagawa ng mga modelong segment batay sa mga demograpikong katangian.
- Upang mapahusay ang mga feature ng seguridad o bawasan ang pandaraya, kabilang ang pandaraya sa ad,
- Upang mapahusay ang mga feature ng addressability na makakatulong sa isang kumpanya na makilala ang parehong browser, device at/o user sa paglipas ng panahon.

Ang impormasyong ito ay maaari ring gamitin ng mga customer namin na pinagbahagian namin ng iyong datos para gumawa ng sarili nilang Impormasyon ng Profile. Maaari silang makakuha ng iba pang demograpikong impormasyon tungkol sa iyo sa pamamagitan ng sarili nilang mga cookie o web beacon at isama ito sa datos na ibinigay namin sa kanila. Kahit hinihiling namin sa aming mga customer na iwasang pagsamahin ang data na natanggap mula sa ShareThis na may personal na datos na magpapakilala sa iyo tulad ng isang malinaw na email address (hal., bilang paglabag sa Alituntunin sa Paggawi ng NAI), sumasailalim pa rin sa sariling patakaran sa pagkapribado ng mga third-party advertiser, publishers, at ad network ang paggamit ng cookies at pixel tag. Mangyaring sumangguni sa seksyong 'Mga Tumatanggap ng Iyong Datos' sa Abiso sa Pagkapribado na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung kanino namin isinisiwalat ang iyong datos.

## 2. Mga bata

Hindi sadyang kinokolekta ng ShareThis ang datos mula sa mga bata at hindi nito iniaangkop ang anumang Impormasyon ng Profile o kung hindi ay bigyang pahintulot ang pag-target sa mga batang wala pang 16 na taong gulang. Kung ikaw ay isang magulang o tagapag-alaga at sa palagay mo ay pinoproseso namin ang datos ng mga bata na pananagutan mo, pakitingnan ang seksyon sa Mga Pinipili at Mga Karapatan ng User, o direktang makipag-ugnayan sa amin.

### 3. Mga email mula sa mga User na may ShareThis Icon

Kapag nagbahagi ka sa email gamit ang ShareThis Icon, ikaw ang pipili kung paano kokonekta sa iyong email mula sa iyong device. Malalaman lang namin kung anong content ang ibinahagi mo, at na ginawa mo ito sa pamamagitan ng email. Hindi kami tumatanggap ng anumang impormasyon tungkol mismo sa email, halimbawa, ang iyong email address, ang email address ng tatanggap o ang content ng iyong email. Wala kaming pananagutan para sa impormasyong ibinahagi ng mga user sa pamamagitan ng ShareThis Publisher Applications.

### 4. Impormasyon ng Account

Ang "**Impormasyon ng Account**" ay nangangahulugan bilang ang impormasyong ibinigay ng mga*Publisher* at *mga kinatawan ng mga Publisher* noong nagparehistro sila para sa isang account sa amin at noong ginamit nila ang kanilang account.

Marami sa mga serbisyo namin ang puwedeng gamitin nang hindi nagpaparehistro sa amin. Gayunman kung ikaw ay isang Publisher, o kinakatawan mo ang isang Publisher, at gusto mong gamitin ang ilan sa aming pinahusay na mga tampok, kakailanganin mong magparehistro sa amin.

Kung pipiliin mong magparehistro sa amin, dapat na ikaw ay 16 na taong gulang o mas matanda at dapat mo itong patunayan. **Hindi namin ipinagbibili o ibinabahagi ang impormasyon ng pagpaparehistro sa mga third party para sa mga layunin ng direktang marketing.**

### 5. Datos ng mga kontak sa negosyo

Maaari naming iproseso ang iyong personal na datos kung ikaw o ang iyong employer ay may relasyong pangnegosyo sa amin. Halimbawa, kung ikaw ay

isang Customer, inaasahang Customer, vendor/supplier namin, o partner sa negosyo, maaari naming iproseso ang iyong datos. Ang personal na datos na taglay namin tungkol sa iyo ay tumutukoy sa iyong propesyonal na buhay (pangalan, email address, address na pagpapadalhan ng singilin, address ng opisina, mga numero ng telepono, titulo, kompanyang pinagtatrabahuhan). Nakolekta namin ang impormasyong iyon mula sa pakikipagpalitan ng mga email o business card, pagpupulong sa mga industriyal na pulong o sesyon sa kliyente atbp. Maaari naming iproseso ang datos na iyon para sa ilang lehitimong layunin sa negosyo, kasama na ang: a) para makipag-ugnayan sa iyo sa loob ng konteksto ng ating relasyong pangnegosyo; b) para ibigay ang mga produkto o serbisyo namin; c) para sa mga layunin ng paninigil at pagreresibo; at d) para sa mga layunin ng pagbebenta, marketing at pagpo-promote ng produkto ((hal., pag-upload ng mga email sa LinkedIn at katulad na mga platform para mag-advertise ng mga bagong serbisyo sa mga kasalukuyan at posibleng maging customer).

Maaari ring iproseso ang datos na ito para sa mga layuning nakatala sa seksyong 'Mga pangkalahatang layunin na nalalapat sa lahat ng datos.'

## 6. Datos ng Empleyado at mga Aplikante sa Trabaho

Kung isa kang empleyado ng ShareThis, o kung nag-apply ka para sa isang tungkulin sa ShareThis, sa US o sa Europe, mangyaring sumangguni sa aming Patakaran ng HR para sa impormasyon tungkol sa kung paano namin pinoproseso ang iyong datos. Makukuha ang mga ito sa aming HR department sa HR@ShareThis.com.

## 7. Datos na Kinokolekta sa ShareThis.com

Itinatakda sa seksyong ito kung paano namin pinoproseso ang datos ng*mga bisita ng aming corporate website* (aming "Website", ShareThis.com), bukod sa anumang 'Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile' at ang 'Impormasyon ng Account' na nauugnay lang sa mga Publisher na nagparehistro sa amin.

Kapag binisita mo ang website namin, maaari mong piliin na boluntaryong magbigay ng impormasyon sa amin kung magkakaroon ka ng interaksyon sa ShareThis.com sa ilang partikular na paraan, tulad ng pag-a-apply ng trabaho sa ShareThis, o paggamit ng isa sa mga kontak form namin. Ginagamit lang ang impormasyong ito para sa mga kadahilanan kung bakit ito kinolekta, gaya

ng pagtugon sa iyong pakikipag-ugnayan, at hindi ito ibinabahagi sa mga third party maliban sa mga service provider na ayon sa kontrata ay kinakailangang gamitin lang ang naturang datos para isakatuparan ang layunin kung bakit ito kinolekta.

Gumagamit kami ng mga cookie at katulad na mga teknolohiya sa pagsubaybay para awtomatikong kolektahin ang datos kapag bumisita ka sa ShareThis.com at gamitin ang impormasyong iyon para makatulong na pangasiwaan ang website, para matandaan ang iyong mga kagustuhan, para magsagawa ng website analytics at para sa mga layunin sa seguridad at pag-iwas sa pandaraya.

Kapag pinapagana namin ang mga third party na mangolekta ng makasagisag na impormasyon sa ShareThis.com (hal., gamit ang cookies at pixels), maaaring tingnan ng ShareThis ang impormasyong iyon bilang pagbebenta ng datos sa ilalim ng naaangkop sa ilang mga hurisdiksyon gaya ng California. Upang matugunan ito, binibigyan ka namin ng paunawa sa pagkapribado kapag binisita mo ang Website at ang pagkakataong mag-opt out sa mga kasanayan na ito sa pangongolekta ng datos ng third-party sa aming Website. Hinihimok ka naming bisitahin ang nalalapat na mga patakaran ng mga third party na iyon, o bisitahin ang www.aboutads.info para malaman ang higit pa tungkol sa advertising na nakabatay sa interes at para makita ang iyong mga pagpipilian sa pag-opt-out mula sa iba pang sangkot na kompanya na maaaring nangongolekta at gumagamit ng iyong datos sa ShareThis.com.

## 8. Mga pangkalahatang layunin na nalalapat sa lahat ng datos

May ilang "pangkalahatang" dahilan kung bakit pinoproseso ng ShareThis ang datos sa mga sistema namin. Marami sa mga ito ay inaatas ng nalalapat na batas at/o para makatulong sa amin na tiyaking nanatiling ligtas na dako ang Internet. Ang ilan sa mga ito ay nagbibigay-daan sa amin para i-promote at palaguin ang aming negosyo. Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, mag-email lang sa privacy@sharethis.com.

Maaari rin naming iproseso ang datos para sa sumusunod na mga layunin: a) ayon sa inaatas ng nalalapat na batas; b) para makipagtulungan sa karampatang legal na awtoridad gaya ng mga kumokontrol sa proteksyon ng datos, ang mga pulis at ang FBI; c) para ipatupad ang aming mga tuntunin at kondisyon, kabilang na ang pagkuha ng payo at pagsasagawa ng legal na

hakbang; d) para protektahan ang aming mga operasyon; ari-arian at interes, gayundin para sa mga third party; e) para magbenta at i-promote ang pagbebenta ng aming negosyo at/o ari-arian.

Panghuli, maaaring ilipat ng ShareThis ang impormasyon sa isang kahaliling entidad may kaugnayan sa merger o pagsasama-sama ng korporasyon, konsolidasyon, pagbebenta ng mga ari-arian, pagkalugi, o iba pang pagbabago sa korporasyon. Kung sangkot ang ShareThis sa merger, pag-acquire, o pagbebenta ng lahat o bahagi ng mga ari-arian nito, aabisuhan ka sa pamamagitan ng email at/o kapansin-pansing abiso sa aming website tungkol sa anumang pagbabago sa pagmamay-ari o paggamit ng iyong impormasyon, pati na rin ang anumang mapagpipilian mo may kinalaman sa iyong impormasyon.

## II. **Ang GDPR ang Iyong mga Karapatan bilang Paksa ng Datos ng EU, Swiss, o UK**

Kung ikaw ay nasa European Economic Area (EEA), nalalapat ang General Data Protection Regulation (GDPR) sa pagproseso namin ng personal na datos. Kung nasa Switzerland ka, nalalapat ang Swiss Federal Data Protection Act sa aming pagproseso ng personal na datos. Kung ikaw ay nasa United Kingdom, nalalapat ang Data Protection Act 2018 sa pagproseso namin ng personal na datos. Ibinibigay ng mga batas na ito sa mga nasa EEA, Switzerland, at UK ang isang pangkat ng malinaw na mga karapatan sa pagkapribado at ipinapataw ang mga responsibilidad sa ShareThis habang pinoproseso namin ang personal na datos ng mga paksa ng datos na nasa mga lugar na iyon. Ibinabalangkas ng patakaran sa pagkapribado ng ShareThis kung paano at bakit pinoproseso ng ShareThis ang personal na datos. Idinisenyo ang seksyong ito na magbigay ng higit pang impormasyon kung paano sumusunod ang ShareThis sa mga batas sa proteksyon ng data sa itaas at sa iyong mga karapatan bilang paksa ng datos. Para sa mga layunin ng patakaran sa pagkapribadong ito, tutukuyin namin ang mga batas sa proteksyon ng datos sa itaas bilang "EEA Data Protection Laws" at ang mga paksa ng datos na nasa mga lugar sa itaas bilang "Mga Paksa ng Datos ng EEA."

### Kahulugan ng Personal na Datos

Malalawak ang pagkakalaarawan ng mga EEA Data Protection Laws sa personal na datos. Dahil dito, kung nauugnay ang Datos ng Paggamit at/o Impormasyon ng Profile sa isang indibidwal sa EEA, ituturing namin iyon bilang personal na datos. Sa katulad na paraan, malamang na ituring bilang personal na datos ang halos lahat ng datos na kinolekta mula sa mga Paksa ng Datos sa EEA sa konteksto ng aming normal na operasyon ng negosyo. Kasama dito ang: a) datos na kinolekta sa pamamagitan ng mga pagbisita sa ShareThis.com; b) datos na kinolekta mula sa mga Customer, Publisher at kasosyo sa negosyo; at c) datos na kinolekta mula sa mga empleyado at mga posibleng maging empleyado.

**Mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Datos**

Hindi kinokolekta o pinoproseso ng ShareThis ang anumang espesyal na kategorya ng personal na datos may kinalaman sa mga Paksa ng Datos sa EEA, at hindi kami gumagawa ng Impormasyon ng Profile ng mga audience segment ng mga naturang consumer batay sa mga espesyal na kategorya ng personal na datos (hal. datos na nagsisiwalat ng lahi o etnikong pinagmulan, mga politikal na opinyon, mga relihiyoso o pilosopikal na paniniwala, o pagiging kasapi ng unyon ng manggagawa, henetikong datos, biometrikong datos, datos na may kinalaman sa kalusugan, o datos na may kinalaman sa seksuwal na buhay o seksuwal na oryentasyon ng isang aktuwal na indibidwal).

**Legal na Batayan para sa Pagproseso**

Inaatasan ng mga EEA Data Protection Laws ang mga entidad na naglalayong magproseso ng personal na data na magkaroon ng wastong legal na batayan sa paggawa nito. Kasama sa legal na batayan na ginagamit ng ShareThis ang: a) pahintulot (aming pangunahing legal na batayan tungkol sa aming Pagproseso ng Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile); b) lehitimong interes (hal., kapg naniniwala kami na hindi nahihigitan ng mga karapatan ng paksa ng datos ang aming pangangailangan na iproseso ang data at/o ang halaga na aming ihahatid kapag ipoproseso ang naturang data); c) kung kinakailangan para sa pagganap ng isang kontrata; at d) kapag kailangan ang pagproseso upang sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Sisikapin naming ibalangkas ang aming mga legal na batayan para sa mga pinakakaraniwang uri ng pagproseso na isinasagawa ng ShareThis.

*Cookie at Katulad na mga Teknolohiya sa Pagsubaybay* – Sinisikap naming kunin ang pahintulot para sa paglalagay ng mga cookie, pixel at katulad na mga teknolohiya sa pagsubaybay ayon sa inaatas sa ilalim ng Direktiba ng ePrivacy na ipinatutupad sa buong EEA. Dahil walang direktang relasyon ang ShareThis sa mga gumagamit ng Internet sa maraming pagkakataon, hinihiling namin sa mga Publisher na kumuha ng pahintulot sa ngalan namin gaya ng inilalarawan sa ibaba.  Kung direkta naming inilalagay ang mga cookie (hal., sa pamamagitan ng ShareThis.com), direkta naming kukunin ang pahintulot mula sa mga paksa ng datos na natukoy namin na nasa EEA o iba pang lugar kung saan kinakailangan ang pahintulot.

*Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile* – Kumuha kami ng pahintulot sa paglalagay ng cookies ayon sa inilarawan sa itaas, at pinoproseso din ng ShareThis ang Datos ng Paggamit at Impormasyon sa Profile nang may pahintulot.

*Datos ng Website* – Kinokolekta namin ang personal na datos sa pamamagitan ng ShareThis.com. Kung ibinibigay ang datos na iyon sa ShareThis (hal., sa pamamagitan ng pagkumpleto sa online form), ituturing namin ito bilang Datos ng Account at/o datos na kinolekta alinsunod sa Relasyong Pangnegosyo na inilalarawan sa ibaba. Kung inilagay namin ang mga cookie sa pamamagitan ng website, gagamit kami ng pahintulot. Kung awtomatikong kinolekta ang datos (hal., mga log file na naglalaman ng mga IP address), pinoproseso namin ang naturang datos sa pamamagitan ng aming lehitimong interes at upang mapanatili ang website at matulungan kami na mapahusay ang pag-personalize ng website ayon sa mga interes ng mga bisita.

*Datos ng Account at mga Relasyong Pangnegosyo* – Inaatasan namin ang ilang Publisher na mag-setup ng Account sa ShareThis. Sa katulad na paraan, pinapanatili namin ang mga account na naglalaman ng personal na datos sa mga vendor na nagbibigay ng mga serbisyo sa ShareThis, sa aming mga Customer, empleyado at mga kasosyo sa negosyo. Kung ikaw ay empleyado ng isa sa mga entidad na iyon, maaaring taglay ng ShareThis ang iyong personal na datos kasali na ang iyong pangalan, ang iyong email sa trabaho o iyong numero ng telepono sa trabaho. Para sa mga paksa ng datos na nasa EEA o UK, pinoproseso namin ang datos na ito sa ilalim ng legal na batayan ng pangangailangan sa kontrata. Sa madaling salita, kailangan naming iproseso ang datos na ito upang tuparin ang mga tuntunin ng kontrata sa pagitan ng ShareThis at ng Publisher, Customer, vendor, Atbp. Kasama dito ang

pagpapanatili ng account at mga kredensyal sa pag-login, mga layunin ng paniningil at pagbabayad, pakikipag-ugnayan sa kabilang partido, at pagtupad ng mga kahilingan. Kung gusto naming mag-market ng karagdagang produkto at serbisyo sa mga entidad na ito, gagawin namin iyon sa pamamagitan ng lehitimong interes maliban kung isinasaad ng nalalapat na batas na gumamit kami ng pahintulot (hal., para sa marketing sa email).

*Mga Pangkalahatang Layunin* – May ilang pagkakataon kung saan pinoproseso ng ShareThis ang personal na datos na naiiba mula sa ibinigay na mga deskripsyon sa itaas. Halimbawa:

Legal na Pagsunod at Pagsunod sa Regulasyon – Gaya ng karamihan sa mga kompanya, ipoproseso ng ShareThis ang datos na ito upang sumunod sa batas, makipagtulungan sa mga kahilingan mula sa mga karampatang legal na awtoridad gaya ng mga pulis, at para magbayad ng mga buwis. Kinakailangan ang legal na batayan para sa ganitong uri ng pagproseso upang matugunan ng ShareThis ang aming legal na obligasyon at obligasyon sa regulasyon.

Pagpapatupad ng mga legal na obligasyon – Para ipatupad ang aming mga tuntunin at kondisyon, protektahan ang aming intelektuwal na ari-arian at/o mga karapatan ng mga third party, pinoproseso ng ShareThis ang personal na datos sa ganitong mga pagkakataon sa pamamagitan ng aming lehitimong interes. Maaaring kasama dito ang pagkuha ng payo at pagsasagawa ng mga legal na hakbang.

Ibenta at I-promote ang aming Negosyo – Maaaring piliin ng ShareThis na isagawa, suriin at/o i-promote ang pagbebenta ng aming negosyo sa pamamagitan ng aming lehitimong interes.

*Tinipong Datos* – Kung tinipon namin ang datos at inalis ang mga digital na tagatukoy (hal., mga cookie ID), maaari naming gamitin ang datos na ito para sa panloob na pananaliksik, marketing, at mga layunin ng pagsusuri sa estadistika.

**Taga-kontrol ng Datos**

Sa pangkalahatan, ang ShareThis ay isang Taga-kontrol ng datos na may kinalaman sa datos na prinoseso gaya ng inilalarawan sa itaas. Kung nalalapat ang EEA Data Protection Laws sa Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile

at ibinahagi namin ang datos na ito sa aming mga Customer, magiging mga independyenteng tagakontrol ang mga Customer namin may kinalaman sa pagproseso nga mga ito sa naturang datos at pinoproseso nila ito ayon sa sarili nilang patakaran sa pagkapribado. Ang ShareThis ay taga-kontrol din ng datos na kinokolekta nito sa pamamagitan ng ShareThis.com.

**Taga-proseso ng Datos**

Mayroon ding ilang ahente at service provider ang ShareThis na nagpapatakbo bilang mga taga-proseso ng datos sa ngalan ng ShareThis. Magagamit lang ng mga ahente at service provicer na ito ang datos ayon sa espesipikong tagubilin ng ShareThis at para lang maibigay ang mga serbisyo na hiniling namin. May obligasyon rin sila ayon sa kontrata na iproseso ang datos nang ligtas at sa ilalim ng mga obligasyon sa pagiging kumpidensyal.

**Mga Karapatan ng Paksa ng Datos ng EEA**

Kung nalalapat ang EEA Data Protection Laws, may mga partikular na karapatan ang naturang mga paksa ng datos, kasama ang: a) Ang karapatang malaman ang tungkol sa mga uri ng datos na pinoproseso at ang legal na batayan para sa pagproseso; b) ang karapatang ma-access at makita ang datos na pinoproseso; c) ang karapatan sa pagwawasto, para gumawa ng mga pagwawasto sa paksa ng datos sa pagpoproseso; d) ang karapatang burahin ang datos; e) ang karapatang paghigpitan ang pagproseso ng datos; f) ang karapatan sa data portability; g) ang karapatang tumutol sa pagproseso ng datos at f) ang karapatang hindi mapasailalim sa awtomatikong pagdedesisyon. Nalalapat lang ang ilan sa mga karapatang ito sa partikular na mga sitwasyon at nakadepende sa legal na batayan na inaasahan para maproseso ang datos. Bilang halimbawa, ang karapatang tumutol ay nalalapat sa pagprosesong isinasagawa dahil kinakailangan ito para sa aming mga lehitimong interes at tangi lamang kung hindi kami makapagpakita ng mapuwersang lehitimong saligan na mas matimbang kaysa sa iyong mga karapatan, interes at kalayaan. Hindi nalalapat ang gayunding karapatan sa pagproseso na kinakailangan para masunod namin ang aming mga legal na obligasyon o para gumawa ng kontrata sa iyo. Maaaring umabot ang mga karapatang ito sa personal na datos na inilalagay namin sa cookies o mga katulad na teknolohiya sa pagsubaybay.

Kung nakabatay sa iyong pahintulot ang pagproseso, alinsunod sa GDPR at UK Data Protection Act (kung nalalapat), maaari mong bawiin ang pahintulot na iyon anumang oras, bagaman magiging legal pa rin ang anumang pagproseso na naunang isinagawa. Para magamit ang iyong mga karapatan bilang mga paksa ng datos o kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa mga karapatang ito, puwede kang sumulat sa amin sa privacy@sharethis.com. Sisikapin naming tumugon sa anumang kahilingang gamitin ang iyong mga karapatan sa loob ng isang buwan mula nang isagawa ang mga ito, kahit na maaaring palawigin ang panahong ito sa ilang pagkakataon, at ipapaalam namin ito sa iyo bago matapos ang isang buwang panahon.

Mayroon ka ring karapatang magsumite ng mga reklamo sa nangangasiwang awtoridad sa iyong hurisdiksyon. Makikita ang listahan ng mga nangangasiwang awtoridad sa EEA dito: https://edpb.europa.eu/about-edpb/board/members_en.

**Kung paano ang interaksyon ng ShareThis sa aming mga Publisher may kinalaman sa pagsunod sa GDPR, Swiss, at UK Data Protection**

Kung ikaw ay nasa European Economic Area, maaaring pamilyar ka sa mga website na humihingi sa iyo ng pahintulot sa paggamit ng mga cookie at katulad na mga teknolohiya sa pagsubaybay. Kung ikaw ay nasa UK, maaaring makita mo ang katulad na mga abiso sa pahintulot na tumutukoy sa UK Data Protection Act. Kung ginagamit ang ShareThis Applications para iproseso ang personal na datos mula sa mga paksa ng datos sa mga lugar kung saan kailangan ang abiso at/o pahintulot, inaatasan ang mga Publisher namin na abisuhan ka tungkol sa paggamit ng ShareThis Applications, banggitin ang ShareThis bilang isang third party na pinoproseso ang iyong personal na datos at hilingin sa iyo na pahintulutan ang naturang pagproseso pati na rin ang paglalagay ng mga cookie.

*Paglilipat ng personal na datos ng EEA nang lagpas sa border*

Sa pangkalahatan, pinoproseso namin ang datos sa United States. Kapag ibinabahagi namin ang datos, ibinibigay namin ang datos sa mga kompanya sa buong mundo. Sa bawat pagkakataon, mayroon kaming nakatatag na mga pag-iingat na nagbibigay-daan para mangyari ang gayong mga paglilipat sa paraang nagtitiyak na ang mga datos ay pinangangasiwaan alinsunod sa nalalapat na batas.

Kapag inilipat namin ang personal na datos sa labas ng EEA o UK, maliban kung ang tumanggap o lokasyon kung saan inilipat ang datos ay inaprubahan ng angkop na mga awtoridad na nagbibigay ng sapat na antas ng proteksyon para sa personal na datos, nagtatakda kami ng mga hakbang para matiyak na ang paglilipat ay nakakasunod sa nalalapat na batas ng proteksyon sa datos at na ang personal na datos na inilipat ay angkop na naingatan.

Kapag nakikipag-ugnayan kami sa negosyo na mayroong mga paglilipat ng personal na datos nga mga Paksa ng Datos ng EEA sa Estado Unidos, inilalagay namin sa tatanggap ang mga makatwirang mekanismo sa paglilipat gaya ng pamantayang sugnay ng kontrata ng EU. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa internasyonal na paglilipat ng datos sa ilalim ng GDPR sa https://ec.europa.eu/info/law/law-topic/data-protection/international-dimension-data-protection_en.  Kung hihilingin, maaari kaming magbigay ng kopya ng naturang mga pananggalang, gaya ng hinihiling ng EAA Data Protection Laws.

*Opisyal at Kinatawan sa Pagprotekta ng Datos*

Nagtalaga ang ShareThis ng opisyal sa pagprotekta ng datos para pangasiwaan ang mga aktibidad namin na nauugnay sa pagproseso ng personal na datos, at para tumugon sa mga kahilingan kung kinakailangan.  Maaaring makipag-ugnayan sa aming DPO sa pamamagitan ng sumusunod na detalye: Vincent Potier (ShareThis DPO): dpo@sharethis.com

Ang kinatawan ng ShareThis sa UK ay: ShareThis UK Limited ng 10 John Street, London WC1N 2EB, UK.

Ang kinatawan ng ShareThis sa EU ay: Verasafe at maaaring makipag-ugnayan sa kanila sa representative@sharethis.com.

III. **Ang LGPD at ang Iyong mga Karapatan bilang Paksa ng Datos sa Brazil**

Kung ikaw ay nasa Brazil, nalalapat ang Brazilian General Law for the Protection of Personal Data (LGPD) sa pagproseso namin sa personal na datos. Ibinibigay ng LGPD na ito sa mga nasa Brazil ang isang pangkat ng malinaw na mga karapatan sa pagkapribado at ipinapataw ang mga responsibilidad sa ShareThis habang pinoproseso namin ang personal na datos ng mga paksa ng datos na nasa Brazil. Ibinabalangkas ng patakaran sa pagkapribado ng

ShareThis kung paano at bakit pinoproseso ng ShareThis ang personal na datos. Dinisenyo ang seksyong ito para magbigay ng higit pang impormasyon kung paano sumusunod ang ShareThis sa LGPD at sa iyong mga karapatan bilang paksa ng datos na nasa Brazil.

**Kahulugan ng Personal na Datos**

Malawak ang pagkakalarawan ng LGPD sa personal na datos. Dahil dito, kung nauugnay ang Datos ng Paggamit at/o Impormasyon ng Profile sa isang indibidwal sa Brazil, itinuturing namin iyon bilang personal na datos. Sa katulad na paraan, malamang na ituring bilang personal na datos ang halos lahat ng datos na kinolekta mula sa mga paksa ng datos sa EEA at UK sa konteksto ng aming normal na operasyon ng negosyo. Kasama dito ang: a) datos na kinolekta sa pamamagitan ng mga pagbisita sa ShareThis.com; b) datos na kinolekta mula sa mga Customer, Publisher at kasosyo sa negosyo; at c) datos na kinolekta mula sa mga empleyado at mga posibleng maging empleyado, kung naaangkop.

**Mga Espesyal na Kategorya ng Personal na Datos**

Hindi kinokolekta ng ShareThis ni pinoproseso man nito ang anumang espesyal na mga kategorya ng personal na datos na may kinalaman sa mga paksa ng datos sa Brazil.

**Legal na Batayan para sa Pagproseso**

Inaatas ng LGPD sa mga entidad na gustong iproseso ang personal na datos na magkaroon ng legal na batayan sa paggawa nito. Kasama sa legal na batayan na ginagamit ng ShareThis ang: a) pahintulot; b) lehitimong interes (hal., kung naniniwala kami na ang aming pangangailangang iproseso ang datos at/o ang halagang naihahatid namin sa pamamagitan ng pagproseso ng datos ay hindi nahihigitan ng mga karapatan ng paksa ng datos); c) kung kinakailangan para maisagawa ang isang kontrata; at d) kung kinakailangan ang pagproseso para sumunod sa aming mga legal na obligasyon.

**Mga Karapatan ng Paksa ng Datos sa Brazil**

Kung nalalapat ang LGPD, may ilang partikular na karapatan ang mga naturang paksa ng datos, kasama: a) Ang karapatang malaman ang tungkol sa mga uri ng datos na pinoproseso at ang legal na batayan para sa pagproseso; b) ang

karapatang ma-access at makita ang datos na pinoproseso; c) ang karapatan sa pagwawasto, para gumawa ng mga pagwawasto sa paksa ng datos sa pagpoproseso; d) ang karapatang burahin ang datos; e) ang karapatang paghigpitan ang pagproseso ng datos; f) ang karapatan sa data portability; g) ang karapatang tumutol sa pagproseso ng datos at f) ang karapatang hindi mapasailalim sa awtomatikong pagdedesisyon. Nalalapat lang ang ilan sa mga karapatang ito sa partikular na mga sitwasyon at nakadepende sa legal na batayan na inaasahan para maproseso ang datos. Kung ikaw ay nasa Brazil at may mga katanungan ka tungkol sa kung paano ipinapatupad ng ShareThis ang mga karapatang ito, mag-email lang sa amin sa privacy@sharethis.com.

## IV. **Ang mga U.S. State Privacy Law (e.g., CCPA) at Iyong Karapatan bilang Paksa ng Datos**

Ipinatupad ngiIlang estado sa U.S. (hal., California, Colorado, Connecticut, Nevada, Virginia, at Utah) ang mga batas na maaaring magbigay ng mga karagdagang proteksyon sa pagkapribado para sa mga paksa ng datos at user na nasa mga estadong iyon, kabilang ang:

- ang karapatang makita kung anong datos ang taglay namin tungkol sa iyo, sa iyong computer o device (hal., ang karapatan sa pag-alam),
- karapatang itama ang datos na mayroon kami tungkol sa iyo, iyong computer o device,
- ang karapatang burahin ang datos na taglay namin tungkol sa iyo, sa iyong computer o device (hal., ang karapatan sa pagbura), at
- karapatang mag-opt-out na ibenta o bahagi ang datos na tungkol sa iyo, iyong computer o device sa mga partikular na third party (hal., karapatang mag-opt-out mula sa mga pagbebenta o pagbabahagi ng iyong impormasyon) at ang karapatang mag-opt-out sa pag-profile at/o nakatarget na ad.

Malawak ang pagkakalarawan ng mga batas ng estado ng U.S. na ito a personal na impormasyon. At dahil dito, itinuturing na personal na impormasyon sa ilalim ng mga batas na ito ang halos lahat ng impormasyong kinokolekta namin. Maaaring mag-email sa privacy@sharethis.com ang mga paksa ng datos sa U.S. upang gamitin ang naturang mga karapatan sa

pagbisita sa access page ng paksa ng datos. Ang mga paksa ng datos sa California ay maaari ring tumawag sa aming libreng hotline sa pagkapribado ng CCPA sa 1-800-272-1765.

Hindi namin pinakikitunguhan nang naiiba ang mga user na gumagamit ng alinman sa mga nabanggit na karapatan. Gayunman, maaaring hindi namin tanggapin ang isang karapatan kung ang paggawa nito ay lalabag sa nalalapat na batas. Hindi ipinagbibili ng ShareThis ang datos na kinolekta sa pamamagitan ng aming website o ang datos na ginagamit namin para patakbuhin ang negosyo namin. Gayunman, inililipat namin ang personal na impormasyong kinolekta sa pamamagitan ng ShareThis Applications tungo sa mga third party at dahil dito, itinuturing itong ipinagbiling datos sa nakalipas na labindalawang buwan sa ilalim ng batas ng California, kasama ang anumang Datos ng Paggamit, Impormasyon ng Profile at/o mga audience segment.

Sa pangkalahatan, hinihiling lang namin ang pinakakaunting impormasyon na kinakailangan para matulungan kaming iproseso ang pag-access ng paksa o kahilingan sa pagbura at pananatilihin ang impormasyong tumutukoy sa iyong kahilingan nang hanggang sa dalawang taon. Kung ikaw ay customer ng ShareThis na may login at password sa ShareThis platform, hinihiling namin sa iyo na idirekta muna ang iyong kahilingan sa tao o mga tao sa iyong organisasyon na nangangasiwa ng relasyon sa ShareThis. Ang mga paksa ng datos sa California ay maaari ring tumawag sa aming libreng hotline sa pagkapribado ng CCPA sa 1-800-272-1765.

**Mga Metriko ng CCPA para sa 2021**

Alinsunod sa Regulasyon 999.317(g) ng CCPA, ipinapaalam sa iyo ng ShareThis ang sumusunod na mga metriko:

| | Pangkalahatan | Kabuuan | Bahagi | Tinanggihan |
|---|---|---|---|---|
| a. Ang bilang ng mga kahilingan sa pag-alam sa CCPA na natanggap, sinunod sa kabuuan o sa bahagi at tinanggihan ng ShareThis noong 2021 | 16 | 16 | 0 | 0 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| b. Ang bilang ng mga kahilingan sa pagbura sa CCPA na natanggap, sinunod sa kabuuan o sa bahagi at tinanggihan ng ShareThis noong 2021 | 38 | 38 | 0 | 0 |
| c. Ang bilang ng mga kahilingan sa pag-opt-out sa CCPA na natanggap, sinunod sa kabuuan o sa bahagi at tinanggihan ng ShareThis noong 2021 | 7 | 7 | 0 | 0 |

| d. Ang katamtamang bilang ng mga araw kung saan totoong tinugunan ng ShareThis ang mga kahilingan sa pag-alam, mga kahilingan sa pagbura at mga kahilingan sa pag-opt-out | Pangkalahatan |
|---|---|
| Kahilingang makaalam | 9 |
| Kahilingang burahin | 8 |
| Kahilingang mag-opt-out | 8 |

| | Pangkalahatan |
|---|---|
| e. Lahat ng kahilingan sa pag-opt-out na natanggap namin noong 2021 gamit ang ShareThis opt-out page o industriya ng opt-out page sa buong mundo ay nagresulta sa napapanahong paglalagay ng isang opt-out cookie ng | 41,769,347 |

| | |
|---|---|
| ShareThis gaya ng inilarawan sa patakaran sa pagkapribado na ito. | |

## V. **Pagbabahagi o Pagsisiwalat ng Datos, Mga Tumatanggap ng Iyong Datos**

Nagbebenta at/o nagbabahagi kami ng Datos ng Paggamit, Impormasyon sa Profile at/o mga audience segment sa mga sumusunod na uri ng negosyo, at tinatanggap namin para sa mga Publisher, itinuturing naming Costumer ang bawat isa sa ibaba:

- Mga Publisher – Nagbibigay kami ng mga tool sa analytics sa mga Publisher batay sa data na nakolekta gamit ang mga tool ng ShareThis.
- Mga Advertiser at Retailer – mga kumpanyang naghahangad na mas maunawaan ang kanilang mga customer para mas mapagsilbihan ang mga pangangailangan ng customer na iyon
- Mga Ahensya ng Advertising – mga kumpanyang bumibili ng advertising sa ngalan ng ibang kumpanya.
- Mga Kumpanya sa Teknolohiya ng Advertising – mga kumpanyang pinapabilis ang paghahatid ng advertising, karamihan gamit ang mga digital na channel, kabilang ang mga demand side platform, supply side platform, advertising exchange at ad server.
- Mga Kumpanya sa Teknolohiya sa Marketing– mga kumpanyang pinapabilis ang paghahatid ng mga mensahe sa marketing gamit ang mga channel na tulad ng email at SMS.
- Mga Kumpanya ng Datos – mga kumpanyang nagpoproseso ng datos sa mga profile na pumapahintulot sa ibang kumpanya na mas epektibong mag-market at mag-advertise.
- Mga Kumpanya ng Propesyonal na Serbisyo – Mga kumpanyang nagbibigay ng mataas na antas ng diskarte at mga serbisyong analytic.

- Mga Vendor ng Seguridad o Pag-iwas sa Panloloko – Mga kumpanyang tumutulong na matiyak ang seguridad at pagiging maaasahan ng data o imprastraktura ng kanilang customer.
- Mga Firm ng Pamumuhunan – Mga kumpanya ng serbisyo sa pananalapi at firm ng pamumuhunan na naglalayong mas maunawaan kung paano ginagamit ng mga consumer ang Internet.

Ibinabahagi namin ang impormasyong ito para sa mga layuning nakalista sa seksyong 'Pagkolekta at Paggamit sa Datos.'

Kung nalalapat ang GDPR sa Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile at ibinahagi namin ang datos na ito sa aming mga Customer, ang mga Customer namin ay mga independyenteng taga-kontrol may kinalaman sa pagproseso nila sa naturang datos at pinoproseso nila ito alinsunod sa sarili nilang patakaran sa pagkapribado.

Maaaring ibahagi ng mga customer ang datos na prinoseso nila sa iba pang third party na hindi binanggit sa Abiso sa Pagkapribado na ito, alinsunod sa kani-kanilang patakaran sa pagkapribado. Bilang halimbawa, maaari nilang gamitin ang mga third party service provider para magpakita ng advertising o iba pang content sa ngalan nila.

Pakisuri ang mga patakaran sa pagkapribado ng ilan sa mga Customer namin para sa higit pang impormasyon:

LiveRamp: https://liveramp.com/privacy/
AppNexus: https://www.appnexus.com/platform-privacy-policy
Eyeota: https://www.eyeota.com/privacy-policy
Oracle: https://www.oracle.com/legal/privacy/privacy-policy.html
Lotame: https://www.lotame.com/about-lotame/privacy/
Nielsen: https://www.nielsen.com/ssa/en/legal/privacy-policy/
Retargetly: https://retargetly.com/privacy-policy
1plusX: https://www.1plusx.com/privacy-policy/
AptivIO: https://aptiv.io/privacy-policy
Dunn & Bradstreet: https://www.dnb.com/ca-en/utility-pages/privacy-policy.html

**2. Iba pang ahente ng third-party at provider ng serbisyo**

Ibinabahagi namin ang datos na inilalarawan sa Abiso sa Pagkapribado na ito sa mga pinagkakatiwalaang ahente na may mga pasilidad para sa pag-iimbak at pagroseso ng datos gaya ng Amazon Web Services na inaatasan sa ilalim ng kontrata na iproseso lamang ang datos alinsunod sa aming nakasulat na mga tagubilin at inaatasan namin silang gamitin ang datos para lang sa mga layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo sa amin at para ipatupad ang mga pangkontrol na seguridad at para panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong iyon. Heto ang mga kategorya ng mga service provider na ginagamit ng ShareThis:

- Mga provider ng cloud data storage gaya ng Amazon Web Services;
- Mga provider ng mga sistema sa paniningil sa customer;
- Mga provider ng serbisyo sa email na nag-aalok ng mga tool para magpadala ng mga email sa ngalan namin;
- Mga provider ng website analytics gaya ng Google analytics;
- Mga provider ng software para sa pangangasiwa ng relasyon sa customer;
- Mga vendor na tumutulong sa amin sa mga pag-audit na inaatas ng batas;
- Mga third party na computer programmer na tumutulong para tiyaking tumatakbo nang maayos ang mga sistema namin;
- Mga job ticket support vendor na tumutulong sa amin na itala ang mga isyu at debug; at
- Mga security vendor.

### 3. Pagpapanatili ng Datos

Tinukoy namin ang mga patakaran sa pagpapanatili para sa iba't ibang uri ng personal na datos. Pinapanatili lang namin ang datos hangga't kinakailangan para sa layunin ng pagproseso namin nito at hangga't nananatili lamang itong angkop, maliban kung kailangan namin itong panatilihin dahil inaatas ito sa amin ng batas, para depensahan at gamitin ang mga pag-aangkin, o para sa mga dahilan sa regulasyon.

### 3.1 Datos ng Paggamit, Impormasyon ng Profile at Datos na Kinolekta sa pamamagitan ng ShareThis.com

Pinapanatili namin ang Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile nang hanggang sa 13 buwan mula sa petsa ng pagkolekta para sa naka-target na advertising, at hanggang sa 36 na buwan para sa kaunawaan at analytics. Pinapanatili rin namin ang datos na kinolekta sa pamamagitan ng ShareThis.com nang hanggang sa 36 na buwan para sa analytics at para matiyak na gumagana nang maayos ang website namin.

Maaari naming tipunin at alisin ang pagkakakilanlan sa datos para hindi na ito maiugnay sa isang device o sa isang indibidwal, kaya hindi na ito nagiging personal na datos, at maaari naming panatilihin ang datos na ito sa loob ng mas mahahabang panahon.

**3.2 Impormasyon ng Account**

Pinananatili namin ang Impormasyon ng Account hangga't mayroon kang aktibong account sa amin. Kung hindi ka nag-log in sa anuman sa aming serbisyo gamit ang iyong username at password sa loob ng 14 na magkakasunod na buwan, maaari naming ituring na di-aktibo ang iyong account at buburahin namin ang Impormasyon ng Account mo. Puwede itong magresulta ng pagkawala ng datos na maaring na-save mo at hindi namin tatanggapin ang anumang pananagutan para sa naturang pagbura.

Lagi kang may opsyon na kanselahin ang iyong account sa amin anumang oras. Mag-sign in lang sa site at mag-click sa Aking Account sa itaas ng page. Mag-click sa I-edit ang Profile pagkatapos ay piliin ang I-deactivate ang Account at sundin ang mga tagubilin. Maaari mo ring hilingin na alisin ang Impormasyon ng Account mo sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa privacy@sharethis.com.

**4. Seguridad ng Datos**

Ang seguridad ng iyong datos ay isang mataas na priyoridad sa ShareThis. Ipinapatupad namin ang mga hakbang para sa seguridad na nakaayon sa pamantayan ng industriya.

Kahit na walang paglilipat ng datos sa Internet ang ginagarantiyahan na lubusang ligtas, sinisikap naming protektahan ang iyong datos. Maaaring posible para sa ilang partido na wala sa ilalim ng kontrol ng ShareThis na magsagawa ng labag sa batas na pagharang o pag-access sa mga paglilipat ng

pribadong komunikasyon. Hindi matitiyak o magagarantiyahan ng ShareThis ang seguridad ng impormasyong inililipat mo sa amin.

VI. **Mga Pangako sa mga Pamantayan sa Pagkapribado**

Itinataguyod ng ShareThis ang katapatan at pagkontrol para sa mga user bilang mga miyembro ng iba't ibang programa ng sariling pamamalakad. Kasali rin ang ShareThis at sertipikado ang pagsunod nito sa EU-US at Swiss U.S. Privacy Shield Frameworks.

Ang ShareThis ay miyembro ng sumusunod na programa ng sariling pamamalakad:

**Network Advertising Initiative (NAI):**

Sumusunod ang ShareThis sa Alituntunin sa Paggawi ng NAI.  Nag-aalok ang NAI ng online web opt-out platform para mabigyang-daan ang mga mamimili na ihayag ang kanilang mga pagpili at magbigay ng pangkalahatang impormasyon na nauugnay sa pagkapribado at Advertising na Nakabatay sa Interes.

**Ang Digital Advertising Alliance (DAA):**

Sumusunod ang ShareThis sa mga Prinsipyo ukol sa Sariling Pamamalakad ng Digital Advertising Alliance para sa Advertising na Nakabatay sa Online na Paggawi.  Ang DAA opt-out platform ay nag-aalok sa mga mamimili ng page

kung saan puwedeng piliin ang pag-opt out mula sa mga serbisyo ng advertising, at pangkalahatang impormasyon na nauugnay sa pagkapribado.

**European Interactive Digital Advertising Alliance (EDAA):**

Sumusunod ang ShareThis sa mga prinsipyo ng European Interactive Digital Advertising Alliance ("EDAA"). Ang EDAA opt-out platform ay nag-aalok sa mga mamimili sa European Union ng page kung saan puwedeng piliin ang pag-opt out mula sa mga serbisyo ng advertising, at pangkalahatang impormasyon na nauugnay sa pagkapribado.

**GDPR at Swiss Privacy Shield:**

Nakatuon ang ShareThis, Inc. sa pagprotekta ng datos at pagpapagana sa mga karapatan sa pagkapribado ng indibidwal sa bawat lokasyon kung saan kami nakikipagnegosyo. Kaya naman, sumusunod kami sa GDPR at sa EU-US at Swiss-US Privacy Shield Frameworks.

Alinsunod sa GDPR, na dinisenyo para palakasin at protektahan ang mga karapatan sa pagkapribado ng mga indibidwal sa EU, ginagawang available ng ShareThis ang mga tool para sa pahintulot ng user (Ang ShareThis ay isang rehistradong CMP sa IAB Transparency and Consent Framework), gayundin ang pangangasiwa sa mga karapatan sa datos ng user na ibinabalangkas sa buong abiso na ito.

VII. **Mga Pagpili at Karapatan ng User sa Pag-opt out**

Kung ayaw mong makatanggap ng mga advertisement batay sa Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile na kinolekta ng ShareThis sa iyong kasalukuyang browser, maaari mong baguhin at pangasiwaan ang iyong mga kagustuhan may kinalaman sa pagkolekta at pagproseso sa Datos ng Paggamit at Impormasyon ng Profile sa pamamagitan ng pag-click sa ShareThis opt-out button na available sa abiso sa pagkapribado na ito. Kapag nag-opt out ang mga paksa ng data, ititigil ng ShareThis ang pag-profile, pagsali sa naka-target na advertising at/o pagbebenta o kung hindi man ay ang paglilipat ng data

tungkol sa kanilang browser o device sa mga third party alinsunod sa naaangkop na batas.

Kung ayaw mong makatanggap ng ads batay sa Datos ng Paggamit na kinolekta ng ShareThis anuman ang ginagamit na device o browser, dapat kang mag-opt-out mula sa mga serbisyo namin para sa bawat device at bawat internet web browser.

**Pag-opt Out sa Pagkolekta at Pagbabahagi ng Datos**

**Mag-click sa ibaba para "Limitahan ang Ad-Tracking" function sa mga mobile device:**

Mga tagubilin ng Google para sa karamihan ng mga Android: Google Play Help

Mga tagubilin ng Apple para sa bersyon 6 ng iOS at mas mataas: Apple Support Center

Karagdagan pa:

Ang prosesong ito ay hindi nangangahulugan na hindi mo na makikita ang mga advertisement, kundi, ang mga advertisement na makikita mo ay hindi maiimpluwesiyahan ng Datos ng Paggamit na kinolekta at Impormasyon ng Profile na ginagamit ng ShareThis.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-opt-out, puwede kang sumulat sa amin sa privacy@sharethis.com.

**Browser environment:** (mga browser sa desktop, tablet, at smartphone)

Kapag binago mo ang iyong mga pahintulot o kapag nag-opt out ka, ipapadala ang isang opt-out cookie sa iyong browser. Dapat naming panatilihin ang opt-out cookie sa iyong browser upang makilalang nag-opt-out ka mula sa serbisyo namin. Katulad ng anumang iba pang cookie ang ShareThis opt-out cookie na ito; kaya naman, kung aalisin mo ang cookie mula sa iyong browser, gumamit

ka ng ibang browser, o gumamit ka ng bagong computer para ma-access ang internet, kailangan mong dumaan ulit sa proseso.

Puwede ka ring mag-opt-out sa pamamagitan ng pagbisita sa sumusunod na mga link.

Network Advertising Initiative (“NAI”) Opt-Out Platform

Digital Advertising Alliance (“DAA”) Opt-Out Platform

European Interactive Digital Advertising Alliance (“EDAA”) Opt-Out Platform

Ang Ghostery browser extension ay isa ring magandang tool para makita ang listahan ng lahat ng third-party cookie sa bawat website na binibisita mo at pinapahintulutan ka nitong piliin ang pag-opt out.

**Paalala:**

Ang mga opt-out tool ay kasalukuyang nakabatay sa cookie, hal. nagse-set sila ng cookie sa iyong browser na nagsasabi sa amin na nag-opt out ka. Ibig sabihin nito, gagana lamang ang pag-opt-out kung naka-set ang iyong browser na tanggapin ang mga third party cookie. Kung awtomatikong naka-set ang iyong browser na tanggihan ang mga cookie o alisin ang lahat ng cookie mula sa iyong browser, hindi gagana ang mekanismo para sa pag-opt-out dahil hindi namin makikita ang opt-out cookie sa iyong browser.

Tandaan din na nakabatay sa browser ang mga cookie, kaya kung magpapalit ka ng mga browser, operating system o computer, kakailanganin mong mag-opt out muli.

**Mobile environment:**

Kahit kadalasang gumagana rin sa mobile web browsing ang mga paraan sa pag-opt-out na inilarawan sa itaas, nakabatay ang mga ito sa cookie kaya naman mas hindi ito maaasahan sa mga mobile "app" environment na maaaring hindi tanggapin ang mga cookie ng advertising na nakabatay sa interes.

Sa halip, karaniwan nang puwede kang mag-opt out sa mobile platform level sa pamamagitan ng "paglimita sa ad tracking" function sa settings, gaya ng inilalarawan sa ibaba. Kahit hindi kami nangongolekta ng datos mula sa mga mobile app para sa advertising na nakabatay sa interes, maaari naming gamitin o ng mga nakakatrabaho naming third party ang naturang datos na kinolekta ng iba pa sa paghahatid ng ads na nakabatay sa interes.

**Karamihan ng mga gumagamit ng Android:**

Para magamit ang opsyong "mag-opt-out sa advertising na nakabatay sa interes," sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng Google dito: Google Play Help.

Tandaan na isa itong setting ng device at madi-disable ang ads na nakabatay sa interes mula sa lahat ng provider, at hindi lang para sa ShareThis.

**mga gumagamit ng iOS:** (bersyon 6 at mas mataas)

Para magamit ang opsyong "Limitahan ang Ad-Tracking," sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng Apple dito: Apple Support Center.

Tandaan na isa itong setting ng device at madi-disable ang ads na nakabatay sa interes mula sa lahat ng provider, at hindi lang para sa ShareThis.

**Huwag Subaybayan:**

Maaari mo ring ihinto ang pagkolekta ng iyong Data sa Paggamit gamit ang do-not-track function o katulad na mga kontrol sa pagkapribado ng iyong browser. Kinikilala ng ShareThis ang mga do-not-track signal na ito mula sa iyong browser. Gaya ng inaatas sa batas, o kung matitiyak namin na ang mga naturang signal ay isinagawa mo at hindi na-set sa default ng iyong browser, ituturing namin iyon bilang pahiwatig na nag-opt-out ka.

**Papasok na Paglilipat/Privacy Shield:**

Sumusunod ang ShareThis sa EU-U.S. Privacy Shield Framework at sa Swiss-U.S. Privacy Shield Frameworks na itinakda ng U.S. Department of Commerce may kinalaman sa pagkolekta, paggamit, at pagpapanatili ng personal na

impormasyong inilipat mula sa European Union at sa United Kingdom at/ Switzerland patungo sa United States nang may pagtitiwala sa Privacy Shield. Pinangangasiwaan ng US Department of Commerce ang Privacy Shield may kinalaman sa pagkolekta, paggamit, at pagpapanatili ng personal na impormasyon mula sa mga miyembrong bansa ng European Union gayundin sa Switzerland at United Kindom. Sinertipikahan ng ShareThis na sumusunod ito sa mga Prinsipyo ng Privacy Shield ukol sa Abiso, Pinipili, Pananagutan para sa Papasok na Paglilipat, Seguridad, Integridad ng Datos at Limitasyon sa Layunin, Access, at Paghingi ng Tulong, Pagpapatupad at Pananagutan. Kung may anumang salungatan sa pagitan ng mga patakaran sa abiso sa pagkapribado na ito at sa mga Prinsipyo ng Privacy Shield, ang mga Prinsipyo ng Privacy Shield ang siyang mamamahala. Para malaman pa ang tungkol sa programa ng Privacy Shield, at para makita ang aming page ng sertipikasyon, pakibisita ang https://www.privacyshield.gov.

Sa konteksto ng papasok na paglilipat, responsable ang ShareThis para sa pagproseso ng personal na datos na natatanggap nito sa ilalim ng Privacy Shield at pagkatapos ay ililipat ito sa third party na muling kumikilos bilang ahente sa ngalan nito. Mananatiling may pananagutan ang ShareThis sa ilalim ng mga prinsipyo ng Privacy Shield kung ipoproseso ng ahente nito ang naturang datos sa paraang hindi kaayon ng mga prinsipyo ng Privacy Shield, maliban kung mapapatunayan ng ShareThis na hindi ito responsable para sa pangyayaring pinagmulan ng pinsala.

Alinsunod sa mga Prinsipyo ng EU-US at Swiss-US Privacy Shield, nakatuon ang ShareThis sa paglutas ng mga reklamo tungkol sa iyong pagkapribado at sa pagkolekta o paggamit namin sa iyong personal na impormasyon. Ang mga indibidwal mula sa European Union, UK, o Switzerland na may mga katanungan o reklamo kaugnay ng abiso sa pagkapribado na ito ay dapat munang makipag-ugnayan nang direkta sa ShareThis sa privacy@sharethis.com. Tutugunan namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ito.

Nakatuon din kami sa pagsangguni ng di-nalutas na mga reklamo sa pagkapribado sa ilalim ng mga Prinsipyo ng EU-US at Swiss-US Privacy Shield sa BBB EU PRIVACY SHIELD, isang non-profit na alternatibong provider ng resolusyon sa pagtatalo na matatagpuan sa United States at pinapatakbo ng Council of better Business Bureaus. Kung wala kang matatanggap na napapanahong pagkilala sa iyong reklamo, o kung hindi kasiya-siya ang

pagtugon sa iyong reklamo, pakibisita ang www.bbb.org/EU-privacy-shield/for-eu-consumers/ para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

Para sa mga nalalabing pagtatalo na hindi malulutas ng mga paraan sa itaas, sa ilalim ng mga limitadong sitwasyon, maaaring available ang opsyon ng may-bisang arbitrasyon sa harap ng Privacy Shield Panel. Para malaman pa ang tungkol sa pamamaraan ng may-bisang arbitrasyon, pakitingnan ang: https://www.privacyshield.gov/article?id=ANNEX-I-introduction.

Ang Federal Trade Commission ay may awtoridad para sa imbestigasyon at pagpapatupad ukol sa pagsunod namin sa Privacy Shield.

Kung sa palagay mo ay hindi namin iginalang ang iyong mga karapatan o kaya naman ay hindi pinangasiwaan nang wasto ang datos, hinihimok ka namin na direktang makipag-ugnayan sa amin at gagawin namin ang lahat ng posibleng gawin para tumulong.

Gayunman, kung may reklamo ka pa rin, may karapatan kang magbangon ng isyu sa Nangangasiwang Awtoridad (o ahensya para sa proteksyon ng datos) sa iyong bansa para sa resolusyon.

Huling Na-update: Hunyo 9, 2023

Kontak
ShareThis, Inc.
3000 El Camino Real
5 Palo Alto Square, Suite 150
Palo Alto, CA 94306, USA
privacy@sharethis.com

Nagtalaga kami ng opisyal sa pagprotekta ng datos para pangasiwaan ang mga aktibidad namin na nauugnay sa pagproseso ng personal na datos, at para tumugon sa mga kahilingan kung kinakailangan. Maaaring makipag-ugnayan sa aming DPO sa pamamagitan ng sumusunod na detalye: Vincent Potier (ShareThis DPO): dpo@sharethis.com

Ang kinatawan ng ShareThis sa EU ay: ShareThis UK Limited ng 10 John Street, London WC1N 2EB, UK